Republika ng Pilipinas)
Lungsod ng Makati) S.S.

SINUMPAANG SALAYSAY

AKO, si **ANGEL EDER**, Filipino, 16 taong gulang, naninirahan sa 1661 Estrada St., San Andrea Bukid, Manila, matapos na makapanumpa ng naaayon sa batas ay nagsasaad ng mga sumusunod:

1. Kapatid ko si Ryan Eder, 28 taong gulang, na biktima ng Tokhang. Pinatay si Kuya Ryan noong Agosto 28, 2016, bandang alas dos ng madaling araw.

2. Noong mga panahong yun, ako ay nasa 2nd floor ng bahay namin kasama ang mister ko na si Raymund Salvador at ang aming 11 buwang gulang na anak. Sa may 3rd floor ng bahay nakatira si Kuya Ryan at ang kanyang kinakasama na si Valerie Aguilan.

3. Bandang alas dos ng madaling araw, gumagawa ako ng paper bag na ibebenta. Tinutupi ko at inaayos ko ang mga ito. Pagkatapos may narinig akong kaluskos sa dingding. Noong una, akala ko daga. Pero biglang bumibigat na 'yung mga yapak. Natakot na ako.

4. Maya-maya, nagising 'yung baby namin, iyak ng iyak. Nagising din si Raymund. Pagsilip ko ng bintana namin, nakakita ako ng mga pulis na naka-mask. Kutob ko na mga pulis 'yun dahil nababalita na 'yung mga Tokhang sa lugar namin at sabi ng mga kaibigan ko, 'yung mga nagto-tokhang ay naka-sibilyan ng suot.

5. Maya-maya, narinig na naming dumaan sila sa labas ng kwarto namin. Narinig ko rin noong mga panahong 'yun ang kuya ko na nagsalita. Sabi ni Kuya Ryan, "Sir, maghuhubad na ako, hindi ako manlalaban!" Sinabi niya po 'yun para ipakita na wala siyang gamit sa katawan.

6. Maya-maya, nakarinig kami ng mga putok ng baril. Sabi ng asawa ko, bumaba na kami dahil baka idamay siya dahil lalaki siya.

7. Pagbukas namin ng pintuan, ang dami nang pulis, Hindi kami makadaan. Hindi ko na maalala kung ilan sila dahil sa sobrang taranta ko. Sabi nung pulis, "Huwag kayong lalabas, isara niyo 'yan."

8. Pagkatapos nito, pinababa kami at dinala kami sa police outpost sa Block 1, sa may Dagonoy. Tinawagan ko ang mama ko na si Bella Eder na nasa junk shop namin sa may Paco Roman.

9. Sinabihan ko si mama na pinasok kami, nakarinig ako ng dalawang putok, at dinala ako sa Block 1. Matapos ang mga 30 minuto, dumating siya sakay ang e-bike niya.

10. Sabi ng isang pulis sa Block 1, sumakay kami ng police mobile kasi pupunta kami ng Police Station 6. Sumakay kami. Si mama dapat sasakay dun sa e-bike, pero sabi ng pulis sumabay na siya sa police mobile. Pagkatapos nito ay dinala kami sa Station 6.

11. Nakita namin doon sa Police Station 6 si Ate Valerie, 'yung kinakasama ng kuya ko. Natatakot siya sa nangyari. Umupo kami saglit sa labas ng istasyon. Sabi ni mama umuwi na kami dahil grabe na ang iyak ng baby, may sakit kasi siya noon.

12. Dumating rin sa Police Station 6 ang mga magulang ni Raymund na sina Russel at Mariz Salvador. Kasama nila ang pinsan ko na si Mariel Supnet. Sabi ko, "Ate Mayeng, samahan mo muna si mama dito para may kasama siya kung may bibilihin."

13. Si Mama, Si Ate Val at si Ate Mayeng ang naiwan doon. Mga alas sais ng umaga, tumawag na si Ate Mayeng sa mama niya na dinetain na sila at minedical na sila. Hindi namin maintindihan kung bakit sila hinuli eh wala naman sila doon sa lugar ng insidente.

14. May kopya kami ng CCTV ng barangay na nagpapatunay na wala si Ate Mayeng at si Mama sa bahay kung saan pinatay si Kuya Ryan. Makikita din sa CCTV na walang naganap na buy-bust. Basta pumasok na lang ang mga pulis sa bahay namin. 'Yung iba, nagtago sa likod para nagsuot ng mask.

15. Dahil sa pag-aresto at pagsasampa ng kaso ng mga pulis sa aking nanay at pinsan kahit hindi naman sila kasama sa insidente, nakikita ko na iniipit nila kami para mapagtakpan ang pagpatay sa aking kuya na walang kalaban-laban.

16. Dahil dito, kami ay natatakot sa kung ano ang pwedeng gawin ng pulis sa amin lalo na at tuloy tuloy pa rin ang patayan na nagaganap sa aming komunidad.

17. Ako ay kasama sa naghain ng petitisyong ito at ang sinumpaang salaysay na ito ay aking ginawa para patunayan ang mga kaganapan noong pagpatay sa aking kuya na si Ryan Eder.

ANGEL EDER
Brgy ID #767-2938

SINUMPAAN AT PINATOTOHANAN sa harap ko ngayon ika OCT 13 2021 ng _____. Pinatutunayan ko na ang nagsalaysay ay

BILANG PATUNAY ay nilagdaan ko ang salaysay na ito ngayong OCT 13 2017 sa MAKATI CITY.

ANGEL EDER
Brgy ID #767-2938

SINUMPAAN AT PINATOTOHANAN sa harap ko ngayon ika OCT 13 2017 ng _____, _____. Pinatutunayan ko na ang nagsalaysay ay aking nasiyasat at ako ay may sapat na paniniwala na siya ay kusa at malayang nagsalaysay.

NOTARY PUBLIC

JESSICA ANNE G. CO
Notary Public for Makati City
Until December 31, 2018
Appointment No. M-455
Roll No. 65444
IBP No. 014819 / Lifetime
PTR No. 5919754/ Jan. 11, 2017 - Makati
1904 Antel Corporate Centre, 121 Valero S
Salcedo Village, Makati City

Doc. No. 100;
Page No. 20;
Book No. I;
Series of 2017.